

UNITE HERE Health & Sanitation Guidelines for Gaming Facilities during the COVID-19 Pandemic

Repleksyon ang mga direktibang ito mula sa iba't-ibang ahensya ng pampubliko at mga employer sa industriya ng "hospitality". Kailangang makipagtulungan ng mga kumpanya ng "gaming" sa Lokal XX ng UNITE HERE o kanilang mga UNYON upang makapaglatag ng detalyadong mga alituntunin at masigurado ang pagpapatupad nito.

Implementasyon

- Kailangang maglatag ang bawat pasilidad ng mga nakasulat na mga hakbang para sa pagpapatupad ng mga patnubay na ito. Dapat matanggap ng lahat ng mga empleyado ang mga hakbang na ipapatupad sa lengguwaheng madali nilang naiintindihan. Kailangan ding makatanggap ng kopya ang mga representanteng mga empleyado sa "CBA".
- Kailangan magkaroon ang bawat pasilidad ng angkop na bilang ng personal protective equipment (PPE), dapat ding ipamigay ang mga ito ng walang gastos ng mga empleyado.
- Kailangang magkaroon ang bawat pasilidad ng detalyadong "record" ng lahat ng mga hakbang na ginawa at gagawin upang tugunan ang posibleng mga kaso ng COVID-19. Kasama dito ang mga lokasyon, hakbang sa sanitasyon, at mga indibidwal na nakasalamuha ng mga sinususpetyahang may dala ng sakit.
- Dapat abisuhan ng mga employer ang mga empleyado na nakasalamuha ng mga indibidwal na nag-positibo o sinususpetyahan na may COVID-19. Dapat ding abisuhan ang representante sa CBA ng mga empleyado at magsagawa ng angkop na "contact tracing".
- Sa bawat shift kailangang magtalaga ng taong may detalyadong kaalaman ng protocol sa sanitasyon. Dapat malaman ng mga empleyado ang identidad nitong tauhan at kailangan nilang i-report sa taong ito ang lahat ng mga bagay patungkol sa protocol ng sanitasyon, kabilang ang identidad ng mga panauhin/customer na maaaring may sakit.
- Kailangang magkaroon ng detalyadong talaan, hakbang na ginawa, at kung ipagpapatuloy ang mga hakbang. Dapat rin itong ibahagi sa mga empleyado at sa kanilang mga representante sa bargaining kung hihingin.
- Dapat pondohan at ipag-utos ng mga LGU ang pagkakaroon ng mga programa para sa "workforce development" upang siguraduhin ang pagkakapareho ng mga "training standards" na angkop sa industriya ng "gaming".
- Bago magpatupad ng mga bagong teknolohiya sa pinagtrabahuan, dapat munang pag-aralan ang epekto ng mga ito sa pampublikong kalusugan, kaligtasan, at sa mga empleyado.
- Ang mga employer at empleyado, kasama ang kanilang mga representante sa CBA, ay dapat bumuo ng mga "joint" komite sa kalusugan at kaligtasan. Meron dapat kasunduan

ang mga komite para sa agarang resolusyon ng mga isyu.

KalusugangPangkalahatan

- Dapat magsagawa ng hindi "intrusive" na "thermal screening" ang mga tauhang may kasanayan sa mga bisita at empleyado pagpasok nila sa pasilidad. Dapat bigyan ng pangalawang test ang mga empleyado na hihigit sa 100.4°F (38°C) ang temperature sa loob ng sampung (10) minute pagkatapos ng unang test. Hindi dapat papasukin sa pasilidad ang sinumang may temperature na lalapas sa 100.4°F (38°C). Maaari silang patuluyin kung magpapakita sila ng katibayang medical (tulad ng sulat ng doctor) na nagsasabi na ang kanilang temperatura ay sanhi ng hindi nakakahawang kondisyon.
- Dapat makatanggap ng on-site na testing para sa Covid-19 (nasasagutin ng employer) ang mga empleyadong hindi pinayagang magtrabaho buhat ng abnormal na temperatura. Dapat ding ipag-leave na may bayad ang empleyado hanggang matanggap ang resulta ng "test".
- Hindi maaaring pagsamahin ang mga empleyado kung hindi matitiyak ang anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga ito. Maaaring kailanganin nito ang pagpapatupad ng "staggering shift" at/o mga "pre-shift meeting".
- Dapat ayusin ang "layout" ng mga "break area", kinakainan ng mga empleyado, "training area", at "locker room" upang makapagpanatili ng anim (6) na talampakang distansya ang mga manggagawa sa isa't-isa. Dapat ding madalas ang paglinis sa mga espasyong ito. Kung hindi ito posible, dapat unti ang mga break time sa abot na makakaya.
- Mga "non-touch time clocks" lamang ang dapat gamitin. Dapat higpitan ng maiigi ang paghawak sa "Biometric data" ng mga empleyado. Hindi ito dapat gamitin sa iba pang dahilan bukod sa pagtatala ng pagpasok ng mga empleyado sa pasilidad.

Pagbalik sa Trabaho

- Dapat bigyan ang mga empleyado ng mga "Covid-19 test" na sagot ng kanilang employer upang malaman ang kanilang kasalukuyan at nakaraang kalagayan. Dapat mabigyan ng sapat na oras ang mga empleyado para malaman ang resulta ng kanilang test bago pa man sila pabalikin sa trabaho.
- Dapat makipag-kontrata ang mga employer sa iba mga organisasyon "third party" upang makalikha ng "baseline statistic" ng nakaraan at kasalukuyang sitwasyon ng "Covid-19" sa mga pinagratrabahuan ng mga empleyado. Dapat ding makatanggap ng mga kopya nito ang mga empleyado at kanilang mga representante sa CBA sa abot na makakaya sailalim ng batas. Kapag pinayagan nang bumalik sa trabaho ng isang doktor or health professional, agarang ibabalik ng employer and naturang empleyado sa naiwan nitong posisyon.
- Dapat linisin ng maayos ang lahat ng mga kwartong ginamit mula nung pagdeklara ng "Public Health Emergency" ayon sa mga hakbang na nakasulat dito.
- Dapat linisin at i-disinfect ng isang grupo o team ng pinagsanay na empleyado ang lahat ng mga kwartong ginamit ng mga taong sumailalim sa "quarantine", nautusang mag-isolate, o

nagpapakita ng mga sintomas ng “Covid-19” sa nakaraang pitong araw.

- Dapat inspeksyunin ang “plumbing” at mga sistemang “HVAC” ng mga kwalipikadong tauhan sa “maintenance” upang siguraduhin ang maayos na operasyon ng mgaito.
- Dapat makatanggap ang lahat ng mga empleyado ng pagsasanay sa kalusugan at sanitasyon sa mga orientasyong pang re-opening na sasagutin ng mga employer.
- Walang empleyado ang dapat mapilitang pumasok sa mga pasilidad sa mga estado o probinsya kung saan nadetekta ang mga kaso ng “COVID-19”. Ang sinumang empleyado na magpapasyang hindi tumanggap ng trabaho ay dapat ituring na nakainboluntaryong “layoff”. Hindi dapat kwestyunin ng mga employer ang aplikasyon ng mga ito para sa benepisyo ng mga nawalan ng trabaho. Papayagan ding bumalik ang mga empleyadong ito sa trabaho kahit anong oras batay sa regular na iskedyul.
- Walang empleyado ang dapat disiplinahin o parusahan dahil sa pagtutol sa paggawa ng trabaho kung naniniwala sila na may banta ito sa kanilang sarili o sa ibang tao. Hindi rin sila dapat parusahan para sa pagsusumbong sa mga kinaukulan ng mga kondisyon sa trabaho na sa tingin nila ay hindi ligtas.
- Walang employer ang maaring mag-isyu ng puntos para sa pagpasok o kahit anong anyo ng demerit o parusa sa mga empleyado na hindi makakapasok dahil sa sakit buhat ng mga sintomas na tulad sa “flu” (lagnat, ubo, mahirap na paghinga). Hindi rin ito maaaring gawin sa mga empleyadong pinag-“quarantine” ng lokal o pambansang pamahalaan, sinabihan na mag-self quarantine ng employer o “healthcare professional”, mayroong positibong kaso ng “COVID-19”, o kaya hindi makapasok dahil sa pagsasara ng mga paaralan ng kanilang mga anak buhat ng “COVID-19”.

Personal Protective Equipment

- Kailangan bigyan ang mga empleyado ng “PPE” bago magsimula ang bawat shift at kung nadumihan o makompromiso ang mga ito. Wala din dapat gastusin ang mga empleyado para dito.
- Dapat mabigyan ng PPE ang mga empleyadong nagtrabaho sa mga lugar na tinuluyan ng mga indibidwal na naka-quarantine, nasa isolation, o hindi kaya’t nagpapakita ng sintomas ng COVID-19. Alinsunod din ito sa mga alituntunin ng “Prevention and Control Recommendations” ng CDC para sa mga pasyenteng pinangangambahang o kumpirmadong may kaso ng COVID-19 sa mga “Healthcare Setting”.
- Para naman sa iba pang mga empleyado, dapat silang mabigyan ng mga sumusunod na PPE: mga surgical mask, disposable glove, goggles o plexiglass barrier, disposable gown at/o apron, hair cap, at mga biohazard disposal bag.
- Kailangan ding magbigay ng karagdagang PPE para masigurado ang ligtas na paggamit ng mga kemikal at kagamitan.

- Dapat magbigay ang bawat pasilidad ng angkop na pagsasanay sa wastong paggamit ng PPE, kabilang na dito ang mga hakbang para sa pagsusuot at pagtatanggal ng mga kagamitan.

Pagdating at Pag-alis ng mga Panauhin

- Dapat abisuhan ang mga panauhin na panatiliin ang anim na talampakang distansya sa mga taong hindi nila kasama bumyahe.
- Dapat bigyan ng “surgical mask” ang mga panauhin at pagsabihan na suotin ito habang na sa mga pampublikong lugar.
- Hindi dapat humawak ang mga panauhin sa mga pintuan papasok ng pasilidad. Dapat silang pagbuksan ng pinto, maging “automatic” ang pagbubukas, o iwanang nakabukas ang mga pintuan ng pasilidad.
- Dapat linisin ng mainam ang mga “shuttle bus” pagkatapos ng bawat biyahe. Hindi dapat pahintulutan ang mga panauhin na umupo sa harapan katabi ng nagmamaneho. Dapat ding magkaroon ng mga “plexiglass barrier” upang protektahan ang mga nagmamaneho kung saan ito praktikal. Kung mayroong panauhin na mapag-alaman ang naka quarantine, inutusang mag self-isolate, o hindi kaya’t nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19, agaran dapat ang paglilinis ng sasakyan alinsunod sa mga alituntunin ng CDC tungkolsa “Paglilinis at Disinfection para sa mga Non-emergency Transport Vehicle”
- Dapat ayusin ang mga “lobby area” upang magkaroon ng maayos na pagpila at makapagpanatili ang mga panauhin ng anim (6) na talampakang distansya sa isa’t-isa. Meron dapat isang empleyado na sinanay sa mga “security protocol” na nakatalaga sa lahat ng mga oras upang masigurado ang pagsunod sa mga alituntunin na ito.
- Dapat magkaroon ng mga “plexiglass sneeze/cough guard” sa mga front desk counter.
- Dapat magbigay ng contactless at cashless na paraan upang magbigay ng tip sa mga guest service provider (e.g. bellperson, valet, doorperson, guest room attendant, room service attendant atbp.).

Pagkalahatang Paglilinis

- Dapat linisin at i-disinfect ang lahat ng mga “common area” ng hindi kukulang sa isang beses kada araw.
- Dapat magkaroon ng imbentaryo ng lahat ng mga high touch na surface (e.g. mga doorknob at hawakan, telepono, light switch, lamesa, upuan at work surface, desktop, banyo, point of sale device at mga menu).
- Dapat linisin ang mga pindutan at hawakan ng elevator ng maraming beses kada oras. Dapat magtalaga ng elevator attendant sa bawat elevator pang-bisita at empleyado.
- Linisin ang mga maduduming hawakan o surface bago i-disinfect, pwera na lang kung

ipinagbabawal ng mga direksyon ng produkto. Nangungulugan ang paglinis sa pagtanggap ng nakikitang dumi sa mga bagay.

- Gumamit ng mga “disinfectant” mula sa rekomendasyon ng “Environmental Protection Agency”. Sundin ang mga direksyon sa “product label”.
- Dapat panatiliing malinis ang mga sahig at pader mula sa mga natapong likido, alikabok, at basura.
- Regular na linisin ang mga garbage can sa mga pampublikong lugar.
- Dapat alisin ang mga bagay na hindi medaling linisin o i-disinfect (hal. Mga dyaryo, writing pad, ornament sa taas ng mga lamesa).
- Dapat bigyan ng sapat na oras ang mga “cleaning personnel” upang magawa ang kanilang trabaho ng buo at ligtas.
- Dapat labhan ang mga uniporme araw-araw ng walang gastos sa mga empleyado.

Front-of-House food service

- Dapat isaayos ang mga lamesa at barstool upang masagad ang layo sa pagitan ng mga tao, alinsunod sa mga pambalikong alituntunin para sa kalusugan.
- Dapat isaayos ang mga banquet at convention areas upang masagad ang layo sa pagitan ng mga tao, alinsunod sa mga pambalikong alituntunin para sa kalusugan.
- Dapat isaayos ang mga pampublikong erya kagaya ng mga “cafeteria” upang masigurado ang maayos na pagpila at pananatili ng “physical distancing”.
- Line servers and cashiers should have plexiglass barriers installed between them and the guests. Dapat magkaroon ng “plexiglass barrier” ang mga “line server” at kahera na pumapagitan sa kanila at mga panauhin.
- Hindi dapat mag-abot o magpamigay ng mga self-service na tray, plato, at kubyertos.
- Dapat palitan ang mga kagamitang labis na nahahawakan (menu, salt/pepper shaker, atbp.) ng mga kagamitang disposable.
- Lagi dapat itapon ang mga pagkaing nadumihan ng ubo o pagbahing.
- Dapat suspendahin ang mga buffet as iba pang self-serve na pagpipilian (kabilang ang tubig, soda, at coffee dispenser), pwera na lang kung mababahagi ang mga ito sa mga lalagya ng selyado.
- Magkaroon ng sabon at “hand sanitizer” na water o “alcohol-based”, pati sa mga istasyon ng mga kahera.

- Regular na linisin at i-disinfect ang mga kagamitan para sa pagbabayad.
- Regular na linisin at i-disinfect ang mga cart na ginagamit sa transportasyon ng pagkain at pagkuha ng mga maduduming pinggan kahit sa pagitan ng bawat shift lamang.
- Magpatupad ng “no contact” na sistema ng pagbibigay ng tip para sa mga bartender, cocktail server, server, atbp.

Mga Kusina

- Dapat baguhin ang layout ng mga kusina kung saan praktikal upang magkaroon ng anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga istasyon.
- Sa mgalugar kung saan hindi posible ang pagkakaroon ng anim na talampakang distansya, dapat pag-isipan ang pagpapatupad ng mga “staggered shift” upangmakapag physical distancing sa trabaho (hal. prep work).
- Dapat na linisin ng regular ang mga kubyertos at hawakan o surface sa kusina gamit ang mga istandard na sanitizing solution (hal. QUATs o chlorine). Sundin ng maayos ang mga direksyon sa product label.

Paguhugas ng mgaPinggan

- Dapat hugasan ang mga pinggan at pangluto gamit ang mga regular na pamamaraan (hal. sanitizing dishwasher).
- Dapat hugasan at malinis agad ang mga pinggan at kubyertos na gagamitin ng mga panahuing naka-quarantine, inutusang mag self-isolation, o may mga sintomas ng COVID-19.
- Manu-mano dapat ang pag-alis ng mga tira-tira sa mga plato bago ito hugasan. Dapat iwasan ang paggamit ng mga sprayer.
- Dapat gumamit ng magkahiwalay at nakamarkang malinis at maduming cart at tray para sa transportasyon ng pagkain at pagkuha ng mga gamit na kubyertos. Dapat ding regular ang paglilinis ng mga cart at tray kahit sa pagitan ng bawat shift lang.
- Dapat linisin at i-sanitize ang mga dish bucket (gamit o hindi) bawat shift.
- Laging ihiwalay ang mga malilinis at maduduming kubyertos sa hugasan.

Housekeeping

- Dapat maghugas ng kamay ang mga cleaner bago pumasok at pag-alis ng bawat kwarto ng mga panauhin.
- Dapat gumamit ng mga disposable na paper towel at wipe para sa paglilinis.

- Huwag gumamit ng mga vacuum.
- Dapat palitan ang mga linen araw-araw. Dapat ding hugasan ang mga ito sa mainit o mataas na temperatura.
- Dapat i-bag ang mga maduduming linen at tuwalya. Magsuot ng mga “disposable glove” kapag humahawak ng maduming labahin at itapon ito pagkatapos gamitin. Maghugas agad ng kamay pagkatanggal ng mga “gloves”. Huwag hahayaang maghalo ang mga madudumi at malilinis na linen.
- Dapat gumamit ng hiwalay na mga cart sa pagdadala ng mga malilinis na supply at pagtatanggal ng mga nagamit na. Klaro rin dapat ang pagtutukoy sa mga cart bilang pang-malinis o pang-madumi. Dapat i-sanitize ang mga cart sa pagitan ng bawat shift. Hindi dapat hikayatin ang mga panauhin na tanggihan ang araw-araw na serbisyo ng housekeeping.

Kapag Checkout

- Dapat linisin ng mabuti at i-disinfect ang mga kwarto ng mga panauhin pagkatapos ng checkout.
- Dapat i-steam clean ang mga karpeta na may pinakamababang temperature na 160°F (71°C).
- Dapat magbigay ng sapat na supply ng sabon at hand sanitizer sa kwarto ng panauhin. Kung indibidwal na bareta ng sabon ang binibigay, dapat itapon ang mga ito pagdating ng checkout.
- Dapat alisin ang lahat ng mga babasagin at kubyertos sa kwarto. Sa halip ng mga ito, maaaring magbigay ng mga disposable na babasagin, pinggan, kung nagsabi o nagpapakita ang mga panauhin ng mga senyales ng sakit.
- Tratuhan na nakakahawa ang mga panauhing nagsasabi o nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19.
- Hindi dapat pumasok ang staff sa mga kwarto para sa self-isolation ng walang pahintulot.
- Dapat i-deliver ang mga kagamitan ng housekeeping o room service sa labas na pintuan ng mga kwarto ng panauhin.
- Isang pinagsanay na team ang dapat magbigay ng araw-araw na serbisyo.
- Dapat kolektahin ang basura ng mga panauhin mula sa labas ng pintuan ng kanilang kwarto at ilagay sa matibay at leak resistant na bag. Dapat malagay ito agad sa pangunahing basurahan ng hotel.
- Kapag umalis na ang mga indibidwal na nakaself-isolate sa kanilang mga kwarto, dapat linisin ito ng pinagsanay na team. Dapat magsagawa ang mga team ng masinsin na paglilinis ng lahat ng mga hawakan o surface sa kwarto gamit ang aprubadong disinfectant, ligpitan ang lahat ng mga tuwalya at linen, at i-steam clean ang mga bagay na hindi maaaring alisin (plush chair,

kurtina).

Room Service

- Hindi dapat i-deliver ang mga food cart sa mga kwarto ng panauhin.
- Hindi dapat ilagay ang “malinis” at “maduming” kagamitan ng room service sa iisang cart.
- Bukod sa mga pinagsanay na cleaning at sanitation team, hindi dapat kolektahin ang mga kagamitan ng room service sa mga kwartong tinutuluyan ng mga panauhing nakaself-isolation o naka-quarantine.

Laundry(Paglalaba)

- Dapat magsuot ng mga disposable glove kapag humahawak ng maduming labahin at itapon ito pagkatapos gamitin. Maghugas agad ng kamay pagkatanggal ng mga glove.
- Kung gumagamit ng reusable na glove, meron dapat isang pares na nakatalaga lamang sa paghahawak ng mga maduduming labahin na hindi gagamitin para sa ibang dahilan. Maghugas agad ng kamay pagkatanggal ng mga glove.
- Huwag pagpagin ang maduming labahin.
- Ilagay agad ang maduming labahin sa isang linen bag ng hindi pinaghihiwalay. Huwag punuin masyado ang mga bag.
- Markahan ng klaro ang mga bin o lagayn na “malinis” o “madumi”. Siguraduhin na maduming labahin lamang ang magkakasama sa maduming bin, at ang mga malilinis lamang sa malinis na lagayan.
- Linisin at i-disinfect ang mga hamper ng damit alinsunod sa payo ng tagagawa. Pag-isipang gumamit ng liner na maaaring labahan.
- Dalasan ang paglinis at pag-sanitize ng front loading area ng mga washing machine.
- Hugasan at patuyuin ang mga bagay alinsunod sa payo ng kanilang tagagawa. Gumamit ng pinakamainit na temperatura ng tubig na kakayanin. Patuyuin ng mabuti ang mga hinugasan.

Fitness Centers, Spas, & Pools

- Manatili dapat na sarado ang mga serbisyong ito hanggang magsabi ang mga awtoridad na magagamit na ang mga ito ng ligtas.
- Sa panahon ng muling pagbubukas, dapat linisin at i-sanitize ang mga operasyon ng maraming beses kada araw, alinsunod sa dami ng mga panauhing gumagamit ng serbisyo.

Gaming (Paglalaro)

- Dapat siguraduhin ng mga supervisor at manager ng mga Casino na hindi dudumog ng grupo-grupo ang mga panauhin. Kailangan din nilang siguraduhin na nakapila ang mga ito

ng maayos upang masunod ang anim na talampakang distansya sa isa't-isa at sa mga empleyado. Siguraduhin ito lalo na para sa mga cage cashier at sa mga kwarto ng sports book at simulcast.

- Dapat maglagay ng protective barrier sa lahat ng mga cages at istasyon ng cashier.
- Dapat patayin o baguhin ang ayos ng mga slot machine at table game at alisin ang mga upuan upang masunod ang anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga panauhin.
- Dapat i-sanitize ng madalas ang mga slot, lamesa, at kagamitan para sa mga table game (dice, chip, atbp).

Mga Serbisyon Subcontracted at Outsourced

- Kailangang ipatupad ng service provider ng mga subcontract para sa transportasyon, produksyon at pagpapadala ng pagkain, paglalaba, at iba pang serbisyo para sa mga panauhin ang mga kondisyong inilathala dito. Dapat ding merong direktang relasyon sa paggawa ang mga subcontractor at kanilang mga tauhan upang masigurado ang pagsunod sa mga patnubay na nakalista dito at makapagsagawa ng contract tracing kung kakailanganin.